

Mangyaring tingnan ang sumusunod na mga pahina para sa impormasyon sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Koreano.

Tulong sa Consumer sa Ilalim ng Kasunduan sa Settlement sa Pagitan ng Department of Justice ng Estados Unidos at ng Credit Suisse Securities (USA) LLC

Ang dokumentong ito ay nagtatakda sa uri ng tulong na iaalok ng Credit Suisse upang matupad ang mga obligasyon nito sa Tulong sa Consumer bilang bahagi ng Settlement nito sa Department of Justice.

Ang Credit Suisse ay maghahandog ng mga uri ng tulong sa mga tagahiram na tinukoy ng Credit Suisse na nakatutupad sa mga rekisito nito sa pagiging kwalipikado na naaayon sa Settlement:

1. Pagpapabago sa mga mortgage loan ng residensiya sa pamamagitan ng pagpapatawad sa prinsipal (principal forgiveness), pagtitiyaga, at pagpapatawad sa balanse (balance forgiveness).
2. Pagtanggap sa mortgage loan sa residensiya para sa mga may-ari ng pabahay na may ikalawa at junior mortgages.

Rerepasuhin ng Credit Suisse ang mga mortgage loan na sinerbisuhan ng kasapi nitong Select Portfolio Servicing, Inc. ("SPS") at hindi mga kasaping mga mortgage servicer upang matukoy ang pagiging kwalipikado para sa mga uri ng tulong sa itaas.

Ang sinumang tagahiram na tumatanggap ng Tulong sa Consumer ay maaaring magkakaroon ng epekto sa buwis at kailangang kumonsulta sa isang tagapayo sa buwis. Halimbawa, para sa pagpapabago sa loan sa pagpapatawad sa prinsipal, ang mga tagahiram ay maaaring kakailanganing bayaran ang buwis ng kinikita sa halaga ng prinsipal na pinatawad. Ito ay dahil ang prinsipal na pinatawad ay karaniwang itinuturing na kinikita ng tagahiram sa taon na pinatawad, maliban kung kwalipikado ang tagahiram sa eksklusyon sa buwis. Mahalaga, ang mga batas ng pederal kaugnay ng pagpapatawad ay binago sa 2017. Simula Enero 1, 2017, ang Mortgage Forgiveness Debt Relief Act, na hindi nagsali sa ilang mga tagahiram mula sa pagbabayad sa buwis sa kinikita sa pagpapatawad sa prinsipal, ay wala nang bisa.

Ang Credit Suisse ay mag-i-ispponsor ng outreach event nang di bababa sa tatlong beses bawat taon hanggang makumpleto nito ang mga obligasyon nito sa Tulong sa Consumer. Para sa mga event na ito, ang Credit Suisse ay maagap na lalapit sa mga tagahiram na nasa default o nasa panganib ng default at hihimukin ang mga ito na dumalo at lumahok sa isang one-on-one na konsultasyon sa tulong sa mortgage. Magsasagawa ang Credit Suisse ng outreach sa tina-target na tagahiram sa pamamagitan ng mga sulat ng paanyaya na nasa maraming wika at/o tawag sa telepono. Ang mga consultant sa tulong sa mortgage ay nasa bawat event upang magbigay ng komprehensibong suporta sa customer at gabay kaugnay ng kumpletong hanay ng mga alternatibo sa tulong. Ang mga tagahiram ay makakapagsumite ng kailangang dokumentasyon sa site upang makumpleto ang mga aplikasyon sa pagpapabago. Kung maaari, ang mga desisyon sa kaparehong araw ay ibibigay sa mga tagahiram na nag-aabiso sa kanila tungkol sa pag-apruba o pagtanggap sa pagpapabago.

Bukod sa direktang tulong sa mga tagahiram, magbibigay ang Credit Suisse ng pondo upang padaliin ang konstruksiyon, rehabilitasyon o preserbasyon ng abot-kayang pabahay na paupahan o ibinibenta.

Impormasyon sa Pagkontak:

Para sa tulong, mangyaring tumawag sa Select Portfolio Servicing, Inc., ang affiliated mortgage servicer ng Credit Suisse sa 800-258-8602.

Mga oras na may pasok: Lunes-Huwebes 8 AM – 11 PM ET, Biyernes 8 AM – 9 PM ET, Sabado 8 AM – 2 PM ET